**OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD**
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (632) 8928 2947; 8981 8500 local 8600, 8601
*e-mail :* ovcca.updiliman@up.edu.ph

ika-11 ng Disyembre, 2025

Memorandum Blg. JFA – 25 – 38

**Para sa** : Mga Dekano, Direktor, Pinuno ng mga Yunit, Fakulti, REPS, Kawani, Mag-aaral, Alumni, at Buong Komunidad ng UP Diliman

**Paksa** : **Karagdagang Paalala Para sa Paghahanda sa Parada at Paligsahan ng Parol 2025**

---

Gaganapin sa **Disyembre 17, 2025 (Miyerkules)**, mula ika-4:00 ng hapon, ang tradisyunal na *Paligsahan at Parada ng mga Parol*. Ang pagdiriwang sa taong ito ay may temang **"Abé-Abé/Kaisa"**. Ang *Alituntunin sa Paligsahan at Parada ng Parol 2025* ay nakapaloob sa Memorandum Blg. JFA 25 -34.

Upang bigyang-daan ang maayos at ligtas na pagdiriwang, narito ang mga mahahalagang paalala at karagdagang impormasyon:

1. **Pagsusumiti ng Pagsasalarawan at Musika**
   Upang maisama sa kabuuang script ang paglalarawan ng inyong parol, mangyaring isumite ang Google Drive link na naglalaman ng pagsasalarawan ng parol at musika na gagamitin ng inyong yunit **hanggang Disyembre 15, 2025, 5:00 n.h.** sa sumusunod na link: https://forms.gle/mJ3ToEyJNJkziGuT7.

   Hindi na tatanggapin ang anumang isusumiting file matapos ang nabanggit na petsa.

   Ang pagsasalarawan ng parol ay **hindi dapat lumagpas sa 150 salita**. Ang anumang paglalarawang lagpas sa limitasyon ay **paiikliin ng OVCCA**.

2. **Oras ng Pagtitipon at Daloy ng Parada**
   Upang maiwasan ang pagkaantala, hinihiling na dumating ang mga yunit **nang ika-3:00 n.h.** sa University Avenue. Magsisimula ang parada sa **ika-4:00 n.h., kumpleto man o hindi ang mga yunit,** at **pauunahin** ang mga dumating bago ang itinakdang oras.

   **Hindi na pahihintulutan ang pagtatanghal** sa harap ng mga akademikong yunit tulad ng sa Palma Hall at Melchor Hall.

3. **Inirerekomendang Power Sources**
   Batay sa alituntunin ng College of Fine Arts, hinihikayat ang paggamit ng mas ligtas na power sources tulad ng:

- LiFePO4 Battery12V for Solar, 640Wh, BMS (100A) with Voltage Display Series Connectible; Grade A cells 10000+ CycleLife, Lithium iron phosphate
- FlashFish P66 High-Capacity Portable Power Station 300W 230.88Wh Solar Energy Storage Power Supply 62000mAh Emergency Power Supply for Outdoor Camping
- Mini generator, gas operated, maximum of 4500 watts

4. **Paglalagak ng mga Parol Bago ang Parada**
   Maaring ilagak ang mga parol sa mga itinalagang lugar sa University Avenue o Academic Oval simula **ika-9:00 n.u.** ng Disyembre 17, 2025. Kalakip ang *layout plan* para sa takdang puwesto ng bawat yunit. May nakatalagang SSB personnel upang magbantay sa mga ilalagak na parol.

5. **Pansamantalang Pagsasara ng Ilang Lugar**
   Isasara ang University Avenue (mula Jacinto Street hanggang Quezon Hall) at ang buong Academic Oval **mula ika-9:00 ng umaga hanggang ika-12:00 n.g.** Disyembre 17.

6. **Pansamantalang Pag-angat ng Patakarang "No UP Sticker/UP ID, No Entry"**
   Ang patakaran ay pansamantalang isususpindi mula ika-5:00 n.u. hanggang ika-10:00 n.g. Disyembre 17.

7. **Paalala sa Pagdadala ng mga Panangga sa Posibleng Sama ng Panahon**
   Hinihikayat ang lahat na magdala ng mga panangga sa posibleng pag-ulan o sama ng panahon kagaya ng kapote, o payong.

8. **Mga Marshal ng Yunit**
   Pangungunahan ng **Public and Safety and Security Office (PSSO)** ang koordinasyon at pamamahala sa mga itinalagang marshal ng bawat yunit.

9. **Daloy ng Trapiko**
   Asahan ang pagbigat ng daloy ng trapiko. Pinapayuhan ang lahat na gumamit ng **alternatibong ruta.**

Para sa mga paglilinaw o katanungan, maaring mag-email sa lanternparade.upd.@up.edu.ph o makipag-ugnayan kina Hazel Desierto o Limwelle Lectura sa telepono bilang 89818500 local 8600 o 8601.

Inaasahan ang kooperasyon ng lahat para sa maayos, ligtas at makabulugang pagdiriwang. Maraming salamat.

**JERWIN F. AGPAOA**
Bise Tsanselor Para sa Gawaing Pangkomunidad




# Mga Hanay sa Parada ng mga Parol 2025